

OF JARS AND WEAVES, TERRACES AND BEADS

Icons of Our Living Culture

Stories by Carla M. Pacis & Heidi Emily Eusebio-Abad
Pictures by Jeannie E. Javelosa



The world's local bank

Commissioned by The Hongkong and Shanghai
Banking Corporation Limited

In celebration of HSBC's 130th Year Anniversary
in the Philippines And its commitment to educate
the youth of the greatness and legacy of the
Filipino race and culture.

Copyright © 2006 The Hongkong Shanghai Banking
Corporation Limited (HSBC);
Jeannie E. Javelosa, Carla Pacis and Heidi Emily
Eusebio-Abad.

All rights reserved. No part of this book, its
characters, icons and other visual elements may
be reproduced or stored in a retrieval system,
or transmitted in any form or by any means of,
electronic, mechanical, photocopying, recording
or otherwise, without written permission by the
publisher and creative team. For information
regarding permission, write to HSBC's Public Affairs
Department at The Enterprise Center, Ayala Avenue,
Makati City, Philippines or visit hsbc@hsbc.com.ph



OF JARS AND WEAVES, TERRACES AND BEADS

Icons of Our Living Culture

Stories by

Carla M. Pacis & Heidi Emily Eusebio-Abad
Pictures by Jeannie E. Javelosa

ANCIENT GLASS BEADS

There are many types of glass and stone beads that have been excavated in many archeological sites. This prove that there was extensive contact and trade between the Philippines and other Asian countries including China, and indirectly with Europe, even before the arrival of the Spaniards.

Pre-historic Filipinos, men and women, loved jewelry that was mostly made of gold and glass and stone beads. The beads were not made in the Philippines but were brought by the Chinese in exchange for beeswax that was a necessary ingredient in the casting of bronze weapons and implements, civet musk and ambergris for perfume, cinnamon to flavor food, aromatic hardwood like camphor, resin, red ants that were used for coloring Chinese ink, and abaca and cotton cloth.

Many of the beads were from India and Europe that had in turn been traded to the Chinese for silk and porcelain. The green beads in the story are jade beads from China, the light blue beads are glass beads from Europe and the red beads are carnelian beads from India. The gold beads were made in the Philippines from gold that had been panned or collected in streams or riverbeds. The panday sa bulawan or goldsmith would wrap the gold into beads which were strung along with the other beads.





photo by George Tapan

ABALORYO

Maraming nang klaseng bubog at batong abaloryo na nahukay sa iba't-ibang lugar sa Pilipinas. Pagpapatunay ito sa malawak na ugnayan at kalakalan sa pagitan ng Pilipinas at iba pang bansang Asyano, gaya ng Tsina, at di man direkta, maging ng mga bansa sa Europa, bago pa man dumating ang mga Kastila.

Babae man o lalaki, ang mga lumad na Filipinong nabuhay noong unang panahon ay mahilig na sa mga alahas na yari sa ginto, bubog o batong abaloryo. Ang mga abaloryong ito ay hindi gawa sa Pilipinas kundi dinala ng mga Tsino. Ginawa itong pamalit sa katas ng mga bubuyog na mahalagang sangkap sa paggawa ng mga sandata at kagamitan, mga samyo para sa pabango, sinamon para sa pagpapalasa ng pagkain, mababangong kahoy, iba pang dagta o resina, pulang langgam para sa paggawa ng kulay ng tintang Tsino, abaka, at tela mula sa bulak.

Marami sa mga abaloryo ay nanggaling sa India at Europa na ipinagpalit sa mga Tsino para sa seda at porselana. Ang luntiang abaloryo sa kuwento ay yari sa batong ihada (jade) mula sa Tsina. Ang mala-bughaw na abaloryo ay bubog mula sa Europa, at ang pulang abaloryo ay mga karnelya mula sa India. Ang mga ginintuang abaloryo ay gawa sa Pilipinas mula sa pira-pirasong gintong nakukuha sa mga ilog o sapa. Hinuhugis ito pabilog ng panday sa bulawan at tinutuhog para maging kuwintas kahalo ang iba pang abaloryo.



THE MYSTERY OF THE MISSING BEADS

By Carla M. Pacis

Abaloryong Bubog

Salin sa Filipino
ni Elmar Beltran Ingles

"What are you doing ina?"
asked Little Sister.

"I am adding new beads to my necklace to wear to your umbó wedding," answered Mother as she laid out her necklace and the new beads on her lap. A junk from Sina has arrived and your father has traded his fragrant wood for these beautiful green beads'

"They are beautiful ina. They sparkle like the sea in the early morning."

Little Sister sat on her haunches near her mother and watched as she removed the beads one by one from the rough string.

"Ano pong ginagawa ninyo, Ina?"
tanong ng Batang Babae.

"Dinaragdanan ko ng mga abaloryo ang aking kwintas para isuot sa kasal ng iyong umbo," sagot ng ina habang inilalatag ang kuwintas at mga abaloryo sa kanyang kandungan. "Kadarating lang ng mga abubot galing Sina at pinagpalit ng ama mo ang kanyang mabangong kahoy para sa magagandang butong ito."

"Kay gaganda nga, Ina! Para silang kumikislap na dagat sa umaga."

Tumalungko ang Batang Babae katabi ng ina at pinagmasdan ito habang isa-isang tinatanggal ang mga abaloryo mula sa tali.

"They are all so pretty ina!" she exclaimed. "I like this light blue one," she said as she picked up the bead and held it to the light. It has the same color as the sky in summer.

These red ones are so pretty too."

"Ahh, those I inherited from your apuy. Now go and play outside anak before you scatter all my beads," admonished mother.

"I won't ina. Let me help you."

As Little Sister reached out for the beads on her mother's lap, she accidentally stubbed her toe on a bamboo slat that was sticking out. She lost her balance and fell over her mother's lap. Mother and Little Sister watched in horror as the beads rolled off mother's lap and onto the slat floor. Mother and daughter managed to grab a few beads before they fell through the slats and down to the sand below.




"Kay gaganda nilang lahat! Lalo na ang mala-luntiang abaloryong ito," wika ng Batang Babae habang itinatapat ang bato sa araw. Kakulay nito ang langit sa tag-araw. "Kay gaganda rin ng mga pulang abaloryo."

"A, minana ko pa sa iyong apuy ang mga yan. Maglaro ka na nga lang sa labas. Baka ikalat mo pa ang mga abaloryo ko," saway ng ina.

"Hindi po ina. Hayaan n'yong tulungan ko kayo."

Habang inaabit ng Batang Babae ang mga bato sa kandungan ng kanyang ina, di sinasadyang natalisod siya sa naka-usling kawayan sa sahig. Natumba siya at bumagsak sa kandungan ng ina. Napatda ang mag-iná habang pinagmamasdan ang mga abaloryong isa-isang gumugulong mula sa kandungan ng ina patungo sa butas ng sahig. Mabilis nilang hinabol at pinulot ang ilan ngunit nahulog pa rin ang iba.





The next morning, everyone woke to mother's wails.

"Two of the gold beads are missing! Two!"

Older Sister rushed to comfort her mother. Little Sister snuck out quickly determined to find her mother's missing gold beads. She looked under the house and sifted through the sand. She noticed a crow was pecking in the sand. Ay, she thought, if only you could help me find my mother's gold beads. Little Sister crawled out from under the house without finding the beads. She didn't dare return home without them.

Nang sumunod na umaga, nagising ang lahat sa palahaw ng ina.

"Dalawang gintong abaloryo ang nawawala. Dalawang abaloryo!"

Pinuntahan ng Nakatatandang Batang Babae ang ina at pinayapa ito. Tahimik na lumabas ng bahay ang Batang Babae, pursigidong hanapin ang nawawalang gintong abaloryo ng ina. Naghanap siya sa ilalim ng bahay at sinuyod ang buhangin dito. Napansin niya ang isang ibong uwak na tumutuka sa buhanginan. "Kung matutulungan mo lang akong hanapin ang nawawalang abaloryo," naisip niya. Nilisan niya ang silong ng bahay na bigo sa paghahanap. Desidido siyang hindi umuwi hanggat hindi niya natatagpuan ito.



As she walked along the forest thinking of where the beads could be, she noticed the same crow hopping in front of her. Something glimmered in its beak. What was that in its beak? She watched as the crow flew up to the entrance of its nest and drop the thing in its beak inside the nest. Mother's beads totally forgotten and hungry for eggs, she climbed the tree. With loud shrieks and waving arms, she managed to scare the crows away from their nest. To her surprise, lying right beside the crows' eggs were her mother's gold beads. No wonder she couldn't find them! She plucked the beads from the nest leaving the eggs untouched and ran quickly home to return the beads to her mother whose necklace would be so beautiful.

Habang naglalakad sa kakahuyan, napansin niya ang uwak na palundag-lundag sa harap niya. May kumikislap sa tuka nito. Ano kaya iyon? Pinagmasdan niya ang papatipad na uwak patungo sa pugad nito. Nakita niyang iniluwa ng tuka nito sa pugad ang kumikislap na bagay. Tuluyang nakalimutan ang nawawalang mga abaloryo ng ina, umakyat ang Batang Babae sa puno sa pagbabaka-sakaling makakuha ng mga itlog. Takot na lumipad palayo sa pugad ang mga ibon pagkarinig sa malakas niyang sigaw habang pumapayagpag ang mga braso. Nagulat ang Batang Babae pagtingin sa pugad at makita ang mga nawawalang gintong abaloryo ng kanyang ina sa tabi ng mga itlog. Kaya pala di niya ito makita! Mabilis niyang dinampot ang mga abaloryo mula sa pugad na hindi ginagalaw ang mga itlog. Patalilis siyang tumakbo pabalik sa bahay upang ibalik ang mga abaloryo sa kanyang ina. Tiyak na napakaganda ng magiging kuwintas nito.



photo by George Tapan

IFUGAO RICE TERRACES

Officially declared a World Heritage site by the UNESCO in 1996, the Ifugao Rice Terraces is more dramatically called the Philippine's Stairway to the Sky. This megalithic place is found in the Cordillera Mountain Range of Luzon.

The rice terraces symbolize the industry and shared community spirit of the Ifugaos. Aside from its breathtaking beauty, the rice terraces boast of the engineering skills of a prehistoric people. This so-called Eighth Wonder of the World was built by hand more than 2000 years ago by Ifugao farmers who worked together so that they could live in harmony with their environment.

The highest terraces are 1500 meters above sea level. If all the walls of all the terraces were laid end to end, they would span half the globe.

If the Ifugao creation myth is to be believed, these Stairways to the Sky are a good testament of the Ifugaos being direct descendants of the gods of *lugud*, the skyworld.

ANG PAYAW NG IFUGAO

Ang payaw ng Ifugao na opisyal na ideneklara na World Heritage site ng UNESCO noong 1996 ay kinikilala rin bilang hagdanang papunta sa kalangitan ng Pilipinas. Matatagpuan ito sa kabundukan ng Cordillera sa Luzon.

Ang payaw ay sagisag ng siping at kolektibong samahan ng mga Ifugao. Maliban sa makapigtal-hinilingang ganda nito, ipinaymamalaki rin ng payaw ang galing sa inhinyera ng sinaunang tao. Tinuran itong pangwalong kagalingan ng mundo. Yaring kamay ng mga magsasakang Ifugao ang payaw mahigit sa 2000 taon na ang nakakaraan. Magkakasamang ginawa ng mga Ifugao ang payaw upang sila ay makapamuhay ng may kaayusan sa kanilang kapaligiran.

Ang pinakamataas na payaw ay 1500 metro ang taas sa dagat. Kung pagtatabihin at pagdudugtungan ang mga hagdan palayan, malikot nito ang kalahati ng mundo.

Kung paniniwalaan ang alamat ng mga Ifugao tungkol sa pinagmulan nila, testamento ang payaw na sila ay supling ng mga lugud o mga diyos ng mundo ng kalangitan.

A PIECE OF HEAVEN

By Heidi Emily Eusebio-Abad

Isang Piraso ng Langit

Satin sa Filipino
ni Precious Leaño


One early morning, in the cold and windy Cordilleras, nine-year old Laya looks out of their thatched hut. She sees that the rice terraces on the mountain slopes are alive once more.

September is the time for ubbu. Worn-down parts of the stone walls are repaired and loosened dikes or banong are reinforced.

Laya knows that Ama, her father and older brother Gil-ad are busy fitting and refitting the stones of their terraces at the far end of the mountain slope. Their rice field lies west of their hut, several terraces down, almost at the edge of the lower pine forest.

Isang umaga, sa maginaw at mahanging Cordillera, nakatanaw ang siyam na taong gulang na si Laya mula sa kanilang kubo. Nakikita niyang may buhay na muli sa mga payaw. Ang Setyembre ay panahon ng ubbu. Kinukumpuni ang mga pader na bato at ang mga lumuwang na dike o banong ay pinatitibay.

Alam ni Laya na ang kanang Ama at kuya Gil-ad ay abala sa pagsasaayos ng mga bato sa pilapil ng kanilang payaw sa duulong bahagi ng bundok. Nasa bandingkan luran ng kubo ang kanilang sakahan, makailang hagdang palayan pababa na halos ay sa tabi na ng gubat ng pino.



Each year the people of their tiny Ifugao village would go through the cycle of repair sowing, planting and replanting, then harvesting tinawon. Only the men build and repair the terraces. Only they turn the soil with wooden spades. But the women do the rest of the work in the field.


The women's hands are gentler, nimbler than the men's. Their hands lay the grain in their seed beds. Their hands coax the little heads of rice to sprout. The women's hands pick the weeds and transplant the young rice from seed bed to the field. Finally, it is the women who wrap their arms around the harvest of treasured tinawon.

Twice in the past year Laya had helped Ina, her mother transplant the seedlings. But deep inside, Laya wanted to build her own terrace, just like Amá and Gil-ad.

Bawat taon, ang mga taong nakatira sa kanilang malit na baryo ay magsisimula muli sa taunang mga gawain -- sa pagkukumpuni ng mga pilapil na bato, pagpapatubo ng mga binhi ng palay, pagtatanim sa payaw at pagkatapos ay ang pag-ani sa tinawon. Mga kalalakihan lamang ang maaring magbuo at magkumpuni ng mga pilapil ng payaw at sila rin lamang ang maaring magbungkal sa lupa gamit ang mga kahoy na pala. Maliban sa mga gawaing ito, ang mga kababaihan na ang gumagawa sa palayan.

Higit na mas magaan at mabilis ang kamay ng mga kababaihan. Ang mga kamay nila ang humahaplos sa palay na inilalatag sa punlaan o patubuan ng binhi. Ang mga kamay nila ang naghihikayat sa mga unang dahon ng palay upang tumubo. Ang mga kamay nila ang humuhugot sa mga damo at naglilipat sa binhi mula sa kunang pinagtaniman patungo sa hagdang palayan. At, ang mga kababaihan ang siyang yumayakap sa kayamanang ani ng tinawon.

Noong nakaraang taon, dalawang beses na tinulungan ni Laya ang kanyang Ina na maglipat ng mga binhi. Subalit ang totoong gusto ni Laya ay ang magtayo ng sarili niyang payaw, katulad ng kanyang Ama at kuya Gil-ad.



Laya notices that though the mountain slope behind their hut is steeper and overgrown with weeds and sunflowers, the camote seems to thrive in its fertile soil. "I can build my own terrace here," she thinks to herself. "Maybe, if I please the rice gods enough, I could plant and harvest just enough tinawon for my family to enjoy."

From that day, everyday, Laya would wake up earlier than usual to accompany Ina to the river valley below. Then, on the way up again, Laya would put two or three head-sized river stones in a basket slung over her shoulder.

"Laya, what is that for?" Ina asks her.

"I'm adding one more step to the sky," Laya says.

"You are not a boy, Laya," her mother teases back.

"It is just one step, Ina, not a whole stairway."

Napapansin ni Laya na bagaman mas matarik, madamo at masukal sa likuran ng kanilang kubo, nabubuhay ang kamote sa mayamang lupa nito. "Makakapagtayo ako ng aking maliit na payaw dito," sabi niya sa sarili. "Siguro, kung matutuwa sa akin ang mga bul-ol, makakapagtanim at makakaani ako ng sapat na tinawon para sa aming pamilya."

Mula noon, mas maagang gumigising si Laya kaysa dati upang samahan si Ina sa ilog sa ibaba. Kapag paakyat na muli sila, maglalagay si Laya ng dalawa o tatlong singlaki ng ulong batong ilog sa basket niyang nakasukbit sa balikat.

"Para saan iyan, Laya?" tanong ni Ina.

"Magdadagdag po ako ng isa pang bahagdang paakyat sa langit," sagot ni Laya.

"Laya, hindi ka talaki," patuksong sabi ni Ina.

"Ina, bahagdan lang po ito at hindi buong hagdanan."

Laya clears the slope behind their hut. The camote will grow elsewhere anyway. Tinawon, on the other hand, is hard to grow. It is precious and tastes like heaven. And in this part of the mountain, Laya wants a piece of heaven. And she wants to build it herself.


At first the smooth, round river stones keep slipping or rolling off each other every time Laya adds another stone on top. Then she figures out that by first placing the bigger more stable stone markers at spaced intervals, she can fill the spaces in between with medium-sized stones, working from the base and up like a jigsaw puzzle.

The women are already weeding the terraces by the time Laya finishes walling-up her terrace. It measures three times the floor size of their thatched hut. Gil-ad helps to reinforce the weak spots in the wall. He also adds a conduit of bamboo tubes bringing water from the spring in the upper pinewood forest.

Naglinis si Laya sa sukla sa likuran ng kanilang kubo. Tutubo rin naman ang kamote sa ibang lugar subalit ang tinawon ay mahirap patubuin. Ang tinawon ay katangi-tangi at ang lasa nito ay parang langit. Sa parteng ito ng kabundukan, nais ni Laya ng isang piraso ng langit. At nais niyang siya ang magtayo nito.

Noong simula, palaging nadudulas o di kaya'y nahuhulog ang mga batong ilog tuwing ipinagpapatong niya ang mga ito. Pagkatapos ay naisip niya na magsimula mula sa pinakailalim at ipagsalit-salit ang mas malalaki at mas matitibay na mga bato bago lagyan ng kainamang mga bato sa mga espasyo sa gitna nito.

Nagbubunot na ng mga damo sa payaw ng mga kababaihan nang matapos ni Laya ang pagbubuo ng pader na bato ng kanyang payaw. Tatlong beses ang lawak nito sa kanilang kubo. Tumutulong si Gil-ad na patibayin ang mga mahihinang parte ng pader. Nagdadagdag din siya ng buho ng kawayan na siyang magdadala ng tubig mula sa tubigang nasa kaitaan ng kahuyang pino.



Several months after the bigger terraces are ready for harvest. Unfortunately, one morning, Ama and Gil-ad find their field ravaged by rats during the night.

"Perhaps," Laya tells Ina, "my arrogance may have displeased the bul-ol."

"No, my child," Ina smiles at her. "Your persistence and industry may save us yet. Look!"

Ina gestures toward Layá rice terrace. In it, the rice plants had begun to sucker out. Layá young rice shoots seem to proudly announce that they are now ready for transplant into the bigger terraces.

Pagkatapos ng ilang buwan, ang malalaking payaw ay maari nang anihin. Subalit isang umaga, sa malas ay nadatnan ni Ama at ni Gil-ad na ang kanilang palayan ay dinumog ng mga daga noong kagabihan.

"Ina, baka di natuwa ang mga bul-ol sa kapangahanan ko," sabí ni Laya.

"Hindi, anak." pangiting sabí ni Ina sa kanya. "Tila ang sipag at tiyaga mo pa nga ang siyang magliligtas sa atin. Tingnan mo!"

Tinuro ni Ina ang payaw ni Laya. Nagsisimula nang tumubo ang mga palay. Ang luntiang halaman ay tila mayabang na nagsasabing maaari na silang ilipat sa mas malaking payaw.




MANUNGGUL JAR

The network of caves located in the Tabon area of the long island of Palawan holds the proof of early human civilizations' presence as far back as 45,000 years.

Recovered at Chamber A of Manunggul Cave was an impressive burial jar dated at 3,000 years old (about 890-710 B.C.) - the late Neolithic Age. The Manunggul jar, as it was eventually named, is a huge terra cotta jar. On its lid are two human figures in a boat. This design is said to represent the ancient people's vision of their afterlife.

It was common burial practice to use such jars for secondary burial, meaning the bones of a buried corpse are later transferred into these clay vessels. The jars are then hidden in caves, sometimes with other items such as lime containers, glass beads, and primitive tools.



National Museum Collection

ANG LIBINGANG BANGA NG MANUNGGUL

Pinatutunayan ng mga kuwebang nasa Tabon ng isla ng Palawan na may sibilisasyong namuhay rito mahigit sa 45,000 taon na ang nakalilipas.

Nakuha sa Chamber A ng kuweba ng Manunggul ang isang kagilgilas na libingang banga na may 3,000 taon gulang (tinatayang 890-710 B.C.) - sa panahong Neolitiko. Ang bangang libingan ng Manunggul, na siyang naging tawag dito, ay isang malaking sisidlang yari sa luwad. Ang takip nito ay may ukit ng dalawang hugis tao na lulang ng bangka. Sinasabing sagisag ng pangitain ukol sa kabilang buhay ng mga sinaunang tao ang disenyong ito.

Karaniwang inilillipat sa mga bangang sisidlan ang mga buto ng sumakabilang buhay ilang taon pagkatapos ilibing. Minsan ay sinasamahan ng mga kasangkapang primitibo, abaloryo at lalagyan ng apog ang mga bangang libingan bago isilid sa loob ng mga kuweba.



The Death Jar

By Heidi Emily Eusebio-Abad

Ang Libingang Banga Salin sa Filipino ni Precious

When the amihan winds start to blow inland along the coastal villages of Palawan, most Tagbanua fishermen set aside their nets and turn to gathering luray, the nests of the balinsasayaw that live in the limestone cliffs of the island.

Nine-year old Kolun is good at scaling these limestone cliffs to look for the nests of swiftlets. This morning, Kolun and his grandfather Apú Languyod are going into the geba, the forest.

"Apú Kolun exclaims, "Will we be gathering luray for the whole day?"

"No, Apú" the old man answers. "We will not gather luray today. You will help me with something else."

Both grandfather and grandson address each other in the same way. At times, Kolun imagines himself as an old man like his grandfather.


Nang magsimulang umihip ang hanging amihan sa aplaya ng Palawan, itinabi na ng karamihan sa mga magningisdang Tagbanua ang kanilang mga baklad at nagsimulang pagkaabalahan ang pangunguhang luray o pugad ng mga ibong balinsasayaw sa mga talampas ng isla.

Magaling umakyat ang siyam na taong gulang na si Kolun ng mga talampas upang manghuha ng mga pugad ng balinsasayaw. Sa umagang ito, papunta sa geba o gubat si Kolun at ang kanyang lolong, si Apú Languyod.

"Apú, mangunguha ba tayo ng luray ngayon?, tanong ni Kolun.


"Hindi, Apú, " sagot ng matanda. " Hindi tayo mangunguha ng luray ngayon. Tutulungan mo ako sa ibang bagay."


Parehong "Apú" ang tawag ng maglolo sa isa't isa. Minsan nga ay intisip ni Kolun na siya ay kasing tanda na ng kanyang lolo.



Kolun thinks it strange
that they are not gathering
luray on such a nice day. They
walk in silence. Kolun notices
that they are actually tracing
a footpath into the forest.
At some point, the footpath
seems to lead to higher
ground. Every now and then,
Kolun catches a glimpse of
the turquoise sea peeking
through the thick foliage of
trees. Then the geba clears
into a shallow lake. Kolun and
Apú Languyod wade into the
awuyuk to reach the mouth
of a cavern.

Nagtaka si Kolun na hindi sila
mangunguha ng luray sa araw
na ito. Tahimik silang naglakad.
Napansin ni Kolun na may
tinutunton silang daanan sa loob
ng gubat. Tila paakyat ang daan.
Paminsan minsan, natatanaw
ni Kolun ang asul na dagat na
sumisilip sa makapal na dahon ng
mga puno. Pagdaka ay naabot
na nila ang isang mababaw
na lawa. Lumusong sina Kolun
at Apu' Languyod patungo sa
bunganga ng kuweba.





On it is a long boat, a banca, with a proa carved like a head with eyes, nose, and mouth. Kolun recognizes this as the same design in the sea vessels of visiting traders from Sulu and Borneo. In the boat are two persons, each one with a band tied over the crown of the head and under the jaw. The person in the rear is holding a paddle in both hands. The other person in front has his hands folded across his chest.

"What is this, Apú?"

"It is a burial jar the grandfather replies. "It will be my burial jar."

Kolun is puzzled at his grandfather's words. The old man continues.

"I made this jar on the year you were born. I felt it was the right time to prepare for my afterlife because a new life was born to help me carry on. Kolun, when I die I shall be put in the ground. But years after when you are a man, you must come back here to gather my bones and put them in this jar. Only then do I cross the river to the afterlife. Do this for me. It is the same as I did for my grandfather."

Kolun kneels down beside the jar.

"Yes, Apú I promise."

"Tayo ay nasa Manunggul. Ang mga luyang ay kuweba ng ating mga ninuno," sabi ni Apú' Languyod.

Nang masanay na sa dilim ng mga kuweba ang kanilang mga mata, tumuloy si Apú' Languyod sa gitna ng kuweba. Napagtanto ni Kolun na ang mga batong nakahilera sa pader ng kuweba ay mga banga pala na may iba't ibang hugis at laki.

"Mga banga ba ito ng kayamanan?", tanong ni Kolun.

"Hindi kayamanang tulad ng initisip mo," sagot ni Apú Languyod.

Lumuhod si Apú' Languyod sa loob ng huling kuweba at may inabot na bilugang banga. Sinipat ni Kolun ang banga . Nabigla siya nang makitang bungo pala ang bangang tangan ni Apú. Napansin niyang ang mas malaking banga sa likuran ni Apú' Languyan ay singlapad ng balakang ng babae at kasing taas ng baywang ni Kolun. May mga ukit ng disenyo geometrik sa kabuuan nito at dalawang balinsasayaw sa bandang ibaba. Ngunit higit na kapansin pansin ang takip nito.

Isang mahabang bangka na may hawakang hugis ulo ang takip. May mata, ilong at bibig ang mga hugis ulo. Ito rin ang disenyo sa mga bangka ng mga mangangalakal mula sa Sulu at Borneo. Lulan ng bangka ang dalawang hugis tao. May malapad na bendang nakatali mula sa baba hanggang sa bumbunan ng mga hugis tao. May hawak na sagwan ang hugis tao sa hulihan ng bangka. Ang nasa harapan naman ay nakatiklop ang mga kamay sa dibid. "Ano ito Apú?" tanong ni Kolun.

"Libingan ito ng mga patay," sagot ng matanda. "Ito ang aking magiging libingan."

Naglumuhan si Kolun sa sagot ng matanda.

"Ginawa ko ang bangang ito nang ipinanganak ka. Naisip kong tamang panahon iyon upang paghandaan ang kabilang buhay sapagkat may bagong buhay nang magpapatuloy sa aking sinimulan. Kolun, kapag ako'y mawala na ililibing ako sa lupa. Pagkatapos ng ilang taon, kapag ikaw ay binata na, kallangang bumalik ka dito upang kunin ang aking mga buto at ilagay dito sa bangang ito. Saka pa lamang ako makakatawid sa ilog ng kabilang buhay. Gawin mo ito para sa akin katulad ng ginawa ko ito para sa aking nuno."

Lumuhod si Kolun sa tabi ng banga.

"Opo, Apú', ipinapangako ko."



From National Museum Collection

THE BALANGHAI

The balanghai is just one of the several types of boats that the ancient Filipinos built. This particular boat was built plank by plank which were connected together by wooden pegs. It was round bottomed and propelled by a sail and steered by a rudder. It was used mostly for carrying cargo.

Even before the Spaniards arrived, the ancient Filipinos, particularly the Butoanons, already traded with their island neighbors and countries as far as China, a very important trading partner. The Chinese traded their glass beads, metal implements and ceramics for pearls, sea turtle shells, hard and fragrant woods and beeswax.

ANG BALANGHAI

Ang balanghai ay isa sa mga uri ng bangkang ginawa ng mga sinaunang Filipino. Ito ay yari sa tabi-tabing tabla na binigkis ng bangyasang kahoy. May hugis na pabilog ang sahig, pinatatakbo ito ng layag at ibinabaling ng timon. Ang balanghai ay karaniwang ginagamit sa pagbibuyahe ng mga bagahe.

Bago pa dumating ang mga Kastila, ang mga sinaunang Filipino, lalo na ang mga taga-Butuan, ay nakikipagkalakalan na sa mga karatig-isla at sa mga bansang kasing-layo ng Tsina na itinuring na mahalagang katuwang sa pangangalakal. Kapalit ng perlas, bahayan ng pawikan, matitigas at mababangong mga kahoy, at dagta ng bubuyog, kinakalakal ng mga Sino ang mga abaloryong bubog, mga metal na gamit at porselana.

SAILING TO DESTINY


By Carla M. Pacis

Paglalayag sa Tadhana

Isinalin sa Filipino ni Elmar Beltran Ingles

The little slave girl looked out longingly at her home that was disappearing into the horizon. Her sadness was as deep as the ocean on which she sailed. She was being brought to a new land, a gift among many for the rich Emperor of the Sinos, never to return to her home. She sat weeping quietly among the other gifts that the new rajah, Sri Bata Shaja was sending to the emperor. On her lap, she held the cage that held two bright red plumed parrots, twin brothers caught in the forest near their village. Beside her was the polished shell of a sea turtle. She rested against the trunk of a camphor tree, the sweet smell of the wood reminding her of the rajah's balay where she was born to parents who were also slaves.

Muling tinanaw ng batang babae ang kanyang tahanang unti-unting naglalaho sa panginorin. Singlalim ng karagatan ang kanyang kalungkutan habang lulan ng balanghai na magdadala sa kanya sa panibagong lupain. Isa siya sa mga handog na regalo para sa mayamang Emperador ng mga Sino at batid niyang di na siya muling makababalik sa tahanang sinilangan. Tahimik siyang lumuha habang nakaupo sa tabi ng iba pang mga regalong handog ng bagong rahang si Sri Bata Shaja sa Emperador. Sa kanyang kandungan, neroon ang hawlang may dalawang makulay na pulang loro, kambal na ibong hinuli mula sa kakahuyan malapit sa kanilang baryo. Katabi niya ang pinakintab na bahayan ng pawikan. Sumandal siya sa troso ng punong kampor, ang matamis na halimuyak nito ay nagpa-alala sa kanya ng balay ng raha kung saan siya isinilang ng mga magulang niyang pawang mga alipin din.





The weather was excellent for sailing, a good omen that this embassy to the great kingdom of Sino would be successful. The gentle rocking of the balanghai and the chatter of the rajah's envoy Li Gan Xie and his entourage calmed her and she eventually fell asleep on the sacks of garlic cloves, more gifts to the envoy. The more important gift was with the envoy; a gold tablet that commemorated this very important embassy.

After many days of sailing, the balanghai finally reached the land of the Sinos. Everyone clambered off the boat, eager to be back on land. The little slave girl carried the parrots as she walked behind the envoy Li Gan Xie.

The palace of the Emperor of Sino was magnificent. Even the envoy looked around him in awe. The emperor himself sat in a grand throne dressed in splendid, silk robes and accepted the gifts from Raja Sri Bata Shaja. The little slave girl wept copious tears as she was led away to live with the other slaves of the emperor. She would miss the twin parrots with who she had shared so much. At night, when everyone except a few sailors and the rudder man was asleep on the balanghai and the vastness of the night sky and the dark sea frightened her, she would speak to them of the baby brother who loved to play with her long, black hair of her mother who told her wonderful stories and of her father who helped build this boat of lawaan.

Nakikiayon ang magandang panahon sa paglalayag, nagbabadya ng matagumpay na pagsisimula ng itatayong embahada sa Sino. Sa banayad na indayog ng balanghai at kuwentuhan ng kinatawan ng rahan si Li Gan Xie at ng mga tauhan nito, nakatulog ang batang babae sa ibabaw ng mga sako ng bawang na kabilang sa mga handog. Ang pinakamahalaga sa mga handog, ang gintong tableta na magsisilbing ala-alang pananda sa napakahalagang embahada, ay nasa pag-iingat ng kinatawan.

Matapos ang maraming araw ng paglalayag, sa wakas ay narating ng balanghai ang lupain ng mga Sino. Lahat ay nagtalunan sa bangka, sabik na muling yumapak sa lupa. Bitbit ng munting batang babae ang hawla ng mga loro habang lumalakad sa likod ng kinatawan si Li Gan Xie.

Mariwasa ang palasyo ng Emperador. Maging ang kinatawan ay manghang nagmasid sa paligid. Nakaupo sa isang malaking trono ang Emperador na nakabihis ng magarang sedang roba. Tinanggap nito ang mga handog ni Raha Sri Bata Shaja mula sa kinatawan. Muling tumangis ang munting batang babae habang inaakay siya palayo upang mamuhay kasama ng iba pang alipin ng Emperador. Nalulumbay siya sa pagkawalay sa mga lorong matagal na nakapiling. Sa mga gabi ng paglalayag, habang ilang tripulante at ang taga-timon na lang ang di natutulog sa balanghai, at natatakot siya sa madilim na kalawakan at karagatan, nasanay na siyang kausapin ang mga loro. Ikinukuwento niya sa mga ito ang nakahiligang paglalaro ng kapatid na batang lalaki sa kanyang mahabang buhok, pati na ang magagandang kuwento ng kanyang ina at ang tungkol sa kanyang amang tumulong sa pagyari ng balanghai na sinasakyayan mula sa kahoy ng puno ng lawaan.






For six long months, the little slave girl lived among the Sino slave who treated her well. She had begun to learn their strange language and customs. She missed her family very much but was resigned to the fact that she would never see them again.

It was with great surprise then when she was summoned by the emperor and ordered to go back with the envoy Li Gan Xie who was returning with great news. The Emperor felt the little slave girl would be miserable in this new land but he had also granted the kingdom of Rajah Sri Bata Shaja the right to trade with the kingdom of the Sinos. This meant nothing to the young slave girl who was only too happy to be going home.

Sa loob ng anim na mahahabang buwan, nakipamuhay ang batang babae sa piling ng mga Sinong umaruga sa kanya. Natutunan niya ang kanilang kakaibang wika at kaugalian. Nangungulila pa rin siya sa kanyang pamilya kahit alam niyang di na mali sila magkikita kailanman.

Kaya laking pagkagulat niya nang isang araw ay ipatawag siya ng Emperador at inutusang bumalik sa pinanggalingang lupain kasama ang kinatawang si Li Gan Xie na may dalang mahalagang balita. Batid ng Emperador na magiging malungkot ang batang babae bilang alipin sa bagong lupain kung kaya minarapat niyang pabalikin ito. Pinahintulutan din niya ang kaharian ni Raha Sri Bata Shaja na makipagkalakalan sa mga Sino. Di alintana ng batang babae ang mahalagang balita dahil sa kasabikang makauwi.





